

Abiso ng mga Gawi sa Privacy ng Mercy Health Services

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAGKAKAAKSES SA IMPORMASYONG ITO PAKIREBYU ITO NANG MABUTI.

Ang **Mercy Health Services (MHS)** ay inaatasan ng batas na panatilihin ang privacy ng matutukoy na impormasyon na nauugnay sa iyong pisikal o pangkaisipang kalusugan, pangangalagang pangkalusugan na natanggap mo, o bayad para sa iyong pangangalaga. Gaya ng inaatas ng batas, binibigyan ka ng Abisong ito ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at aming mga legal na tungkulin at mga gawi sa privacy tungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan. Inilalarawan din ng Abisong ito kung paano maaaring gamitin o isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong pangkalusugan. Ang mga gawi sa privacy na inilarawan sa Abisong ito ay susundin ng lahat ng kaakibat na site ng MHS, propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan, empleyado, kawaning medikal, trainee, estudyante, at boluntaryo ng mga organisasyon na tinukoy sa dulo ng Abisong ito. Bilang karagdagan, ang mga organisasyon, site, o indibidwal na ito ay maaaring magbahagi impormasyong pangkalusugan sa isa't isa at iba pang organisasyong pangkalusugan na kaakibat ng MHS bilang bahagi ng isang organisadong kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, at pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng inilarawan sa Abisong ito o kung pinahihintulutan ng batas.

Paano Namin Maaaring Gamitin at Isiwalat ang Impormasyong Medikal Tungkol sa Iyo

Maaaring gamitin o isiwalat ng MHS ang impormasyong medikal tungkol sa iyo, nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot (na kilala bilang awtorisasyon), para sa mga layuning nauugnay sa:

- **Paggamot:** Ang paggamot ay nangangahulugan na pagkoordinang ng iyong pangangalaga sa pagitan ng iba't ibang tagapagkaloob at espesyalista ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga konsultasyon. Halimbawa, maaaring kailangang malaman ng isang espesyalista na gumagamot sa baling binti mo kung may diyabetis ka dahil maaaring pabagalin ng diyabetis ang proseso ng paggaling. Sa gayon, maaaring suriin ng espesyalista ang mga medical record mula sa iyong pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga upang matasa kung mayroon kang potensyal na nakakapagkumpikang mga kondisyon gaya ng diyabetis.
- **Pagbabayad:** Ang pagbabayad ay tumutukoy sa mga aktibidad na nauugnay sa pagberipika ng antas ng iyong mga benepisyo sa insurance, paghiling ng mga awtorisasyon para sa paggamot at mga referral para sa mga espesyal na test, at mga layunin ng pagsingil/administratibo. Halimbawa, maaaring kailangang ibigay ng MHS ang impormasyon sa iyong plano ng insurance tungkol sa iyong kondisyong medikal upang matukoy kung sasaklawin ang iminumungkahing proseso ng paggamot.
- **Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan:** Ang pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan ay tumutukoy sa mga aktibidad na pang-administratibo at sa pagpapatakbo na dapat lahan ng MHS, kabilang ang pagtiyak ng kalidad, pamamahala ng kaso, pag-audit, pagsusuri ng doktor. Halimbawa, maaaring gamitin ng MHS ang iyong impormasyong medikal upang tasahin ang pagganap ng aming mga kawani sa pangangalaga sa iyo.
- **Mga Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan (Health Information Exchanges, HIEs):** Maaaring ibahagi ng MHS ang impormasyon na nakuha o nilikha namin tungkol sa iyo sa iba pang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o entidad ng pangangalagang pangkalusugan, gaya ng pinahihintulutan ng batas, sa pamamagitan ng mga Health Information Exchange (HIEs) kung saan kami nakikilahok. Ang HIE ay isang balangkas ng teknolohiya na nagpapahintulot para sa ligtas na elektronikong pagpapalitan ng impormasyong medikal sa mga nakikilahok na organisasyon, gaya ng mga ospital, opisina ng doktor, laboratoryo, radiology center, at iba pang mga medikal na tagapagkaloob. Sa pamamagitan ng pagpapalitan ng impormasyon sa tulong ng mga HIE, nagbibigay ito sa MHS at iba pang nakikilahok na tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng mas mabilis na akses sa impormasyong medikal tungkol sa iyo, na nagpapahintulot sa kanila na gumawa ng mas may kabatirang desisyon sa paggamot at ikoordinang ang iyong pangangalaga. Nakikilahok ang MHS sa Chesapeake Regional Information System for our Patients, Inc. (CRISP), isang pambuong estado na HIE. Gaya ng pinahihintulutan ng batas, ang iyong impormasyong pangkalusugan ay ibabahagi sa HIE na ito upang magkaloob ng mas mabilis na akses, mas mabuting koordinasyon ng pangangalaga, at tulungan ang mga tagapagkaloob at mga opisyal kaugnay ng kalusugan ng publiko sa paggawa ng mas may kabatirang desisyon. Maaari kang "mag-opt-out" at maaari mong iwasang mahanap ang iyong impormasyong pangkalusugan sa pamamagitan ng CRISP sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-952-7477 o pagkumpleto at pagsumite ng Opt-Out form sa CRISP sa pamamagitan ng koreo, fax o sa kanilang website sa www.crisphealth.org. Kung mag-opt-out ka sa CRISP, ang ilang partikular na impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo ay maaari pa ring maging available sa pamamagitan ng HIE gaya ng pinahihintulutan ng batas. Halimbawa, ang mga tagapagkaloob ng medikal na pangangalaga na nakikilahok sa CRISP ay maaakses pa rin ang mga resulta ng laboratoryo, mga ulat ng radiology, at iba pang datos at maaari nilang ipadala ang impormasyong ito sa iba pang mga tagapagkaloob kung kanino ka ini-refer para sa paggamot sa pamamagitan ng mga ligtas na serbisyo ng pagpapadala ng mensahe ng CRISP. Bilang karagdagan, ang pag-uulat tungkol sa kalusugan ng publiko at impormasyon sa kontroladong mapanganib na droga o alak, bilang bahagi ng Maryland Prescription Drug Monitoring Program, ay magiging available pa rin sa mga tagapagkaloob sa pamamagitan ng CRISP. Nakikilahok din ang MHS sa iba pang mga HIE, kabilang ang sa pamamagitan ng electronic medical records (EMR) system nito. Nagpapahintulot ito sa MHS na magbahagi o kumuha ng impormasyong medikal tungkol sa iyo para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, o pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan kang mag-opt out sa ibang mga HIE na ito. Para sa higit na impormasyon tungkol sa kung paano mag-opt out, kontakin ang MHS Privacy Officer sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa ibaba.

- **Direktoryo ng Pasilidad:** Kung na-admit sa Mercy Medical Center o Stella Maris, maaaring kabilang sa MHS ang ilang partikular na limitadong impormasyon tungkol sa iyo sa direktoryo ng pasilidad nito, kasama ang iyong pangalan, lokasyon, pangkalahatang kondisyon, at relihiyon. Maaari ding isiwalat ng MHS ang impormasyon sa direktoryo sa mga miyembro ng klero o, maliban sa relihiyon, sa mga taong naghahanap sa iyo sa pangalan mo. Kung tumutol ka sa pagsama ng iyong impormasyon sa direktoryo ng pasilidad, dapat mong sabihan ang kawani ng pagrerehistro sa panahon ng pagrerehistro, kontakin ang Admitting Office sa 410-332-9801 o payuhan ang iyong tagapagkaloob tungkol sa iyong mga nais. Kung hindi ka available, gagamitin ng MHS ang propesyonal na paghuhusga nito para magpasya kung para sa ikabubuti mo na isama ang iyong impormasyon sa direktoryo.
- **Mga Kapamilya at Iba Pang Indibidwal na Kasangkot sa Pangangalaga Mo:** Maliban kung tumutol ka, maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga kapamilya o iba pang tao na kasangkot sa iyong pangangalagang medikal o tulungan kang magbayad para sa iyong pangangalaga, hangga't ang impormasyon ay may kaugnayan sa pagkakasangkot ng taong iyon sa iyong pangangalaga. Maaari din silang pahintulutan ng MHS na mag-pick up ng mga medical supply, x-ray, o pinunan na reseta sa ngalan mo. Kung hindi ka available, gagamit ang MHS ng propesyonal na paghuhusga upang magpasya kung ano ang para sa ikabubuti mo.
- **Mga Paalala sa Appointment at Alternatibong Paggamot:** Maaari kang kontakin ng MHS upang ipaalala sa iyo ang tungkol sa iyong mga appointment at dalhin sa pansin mo ang mga alternatibong opsyon sa paggamot at iba pang mga benepisyo at serbisyo na nauugnay sa kalusugan.
- **Paglilikom ng Pondo:** Maaaring isiwalat ng MHS sa Mercy Health Foundation ang iyong impormasyong demograpiko, mga petsa kung kailan ka nakatanggap ng mga serbisyo mula sa MHS, ang departamento o tagapagkaloob ng MHS kung saan o kanino ka nakatanggap ng pangangalaga, pangalan ng tagapagkaloob na gumagamot sa iyo, kinalabasan ng iyong paggamot, at katayuan ng iyong insurance. Maaari ka ring kontakin bilang bahagi ng aming mga pagsisikap para maglikom ng pondo para suportahan ang aming misyon sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan kang mag-opt out sa pagtanggap ng naturang mga komunikasyon sa pamamagitan ng pag-abiso sa Mercy Health Foundation sa 410-332-9873 o sa updatemyrecord@mdmercy.com.
- **Organ at Tissue Donation:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga organisasyon na nangangasiwa ng pagkuha, pangangalap at pag-aani at pag-donate ng organ at tissue.
- **Mga Awtoridad ng Militar:** Kung ikaw ay miyembro ng Sandatahang Lakas ng Estados Unidos o dayuhang militar, maaaring ilabas ng MHS ang impormasyong medikal tungkol sa iyo sa naaangkop na mga awtoridad sa pamumuno ng militar.
- **Bayad sa mga Manggagawa:** Maaaring isiwalat ng MHS ang impormasyong medikal upang tumalima sa mga batas sa pagbabayad sa mga manggagawa.
- **Mga Aktibidad kaugnay ng Kalusugan ng Publiko:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga opisyal ng kalusugan ng publiko para sa layunin ng kalusugan ng publiko kabilang ang, pag-iwas o pagkontrol sa sakit, pinsala, o kapansanan; pag-uulat ng pang-aabuso ng o pagpapabaya sa bata; pag-ulat sa hindi magandang mga kaganapan o depekto sa produkto sa U.S. Food and Drug Administration; at upang abisuhan ang mga tao na maaaring nalantad sa sakit o maaaring nanganganib na makakuha o magkalat ng sakit.
- **Pangangasiwa sa Kalusugan:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga ahensya ng pederal na pamahalaan o estado na nangangasiwa sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng gobyerno, at pagpapatupad ng mga batas sa karapatang sibil para sa mga pag-audit, imbestigasyon, o inspeksyon.
- **Mga Legal na Paglilitis:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga hukuman at abugado bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman, subpoena, o iba pang prosesong alinsunod sa batas, o upang depensahan ang aming mga sarili laban sa paghahabla.
- **Pagpapatupad ng Batas:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas gaya ng pinahihintulutan o inaatas ng batas para makatulong sa paghahanap ng isang kriminal o pugante o isang kriminal na imbestigasyon.
- **Mga Koroner, Tagasuring Medikal, at Direktor ng Punerarya:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal upang matukoy ang isang namatay na tao, alamin ang sanhi ng pagkamatay, at tumulong sa mga direktor ng punerarya na isagawa ang kanilang mga tungkulin.
- **Pambansang Seguridad:** Maaaring isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga awtorisadong pederal na awtoridad para sa intelihensya o iba pang aktibidad para sa pambansang seguridad na pinahihintulutan ng batas.
- **Mga Bilanggo at Taong Nasa Kustodiya:** Kung ikaw ay isang bilanggo sa isang koreksiyonal na pasilidad o nasa ilalim ng kustodiya ng tagapagpatupad ng batas, maaaring ilabas ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa koreksiyonal na pasilidad o opisyal na tagapagpatupad ng batas gaya ng pinahihintulutan o inaatas ng batas.
- **Pananaliksik:** Maaaring gamitin o isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal para sa mga layunin ng pananaliksik sa ilalim ng mga partikular na alituntunin na tinukoy ng mga probisyon sa pagiging kumpidensyal ng naaangkop na batas. Maaaring gamitin o isiwalat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga mananaliksik kung naaprubahan sila sa pamamagitan ng espesyal na proseso ng pagsusuri na dinisenyo para protektahan ang kaligtasan, kapakanan, at pagiging kumpidensyal ng pasyente.
- **Mga Banta sa Kalusugan o Kaligtasan:** Gaya ng pinahihintulutan ng naaangkop na batas at etikal na pag-uugali, maaaring gamitin at isiwalat ng MHS ang impormasyong medikal kung naniniwala ito, nang may mabuting hangarin, na ang naturang paggamit o pagsisiwalat ay kinakailangan upang maiwasan ang malubhang pinsala sa iyo o iba pa. Maaari din naming ibahagi ang iyong impormasyon para sa mga pagsisikap sa tulong sa sakuna o sa mga pang-emerhensyang sitwasyon.

- **Mga Kasama sa Negosyo:** Maaaring isiwat ng MHS ang iyong impormasyong medikal sa mga negosyo sa labas na kilala bilang “mga business associate” na nagkakaloob ng mga serbisyo sa ngalan nito, gaya ng mga serbisyo sa pagsingil o pagkonsulta.
- **Mga Record sa Paggamot ng Problema sa Paggamit ng Droga/Alak:** Ang ilan sa iyong mga medical record ay maaaring napapailalim sa 42 C.F.R. Ika-2 Bahagi, na naaangkop sa ilang partikular na mga record ng paggamot sa problema sa paggamit ng droga o alak (“Part 2 Records”). Hindi gagamitin at/o isisiwalat ng MHS ang Part 2 Records para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, o pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan (treatment, payment, o health care operations, TPO) nang hindi kinukuha ang iyong balidong pahintulot. Maaaring muling isiwat ang naturang mga record alinsunod sa Alituntunin sa Privacy sa iba pang nasasaklaw na entidad para sa TPO. Ang anumang pagsisiwalat na ginawa sa ilalim ng mga regulasyon ay dapat limitado sa impormasyong iyon na kinakailangan para isagawa ang layunin ng pagsisiwalat. Maaaring gamitin/isiwat ng MHS ang Part 2 Records nang walang pahintulot mo sa mga awtoridad para sa kalusugan ng publiko o nangangasiwa sa kalusugan, para sa mga layunin ng pananaliksik, kung may medikal na emerhensya, at sa aming mga tagapagkaloob ng serbisyo na sumang-ayon sa ilang partikular na kinakailangan sa pagiging kumpidensyal. Hindi gagamitin/isisiwalat ng MHS ang Part 2 Records o magbibigay ng testimonya na nagsasaad ng mga nilalaman ng mga naturang record sa mga paglilitis na sibil, kriminal, pang-administratibo, o lehislatibo na isinasagawa ng awtoridad ng Pederal na Pamahalaan, Estado, o lokal awtoridad laban sa iyo o para imbestigahan o usigin ka nang wala ang iyong pahintulot o kautusan ng hukuman. Kinakailangan din ang isang hiwalay na balidong pahintulot para gamitin at isiwat ang mga tala sa pagpapayo ng SUD. Ang bawat pagsisiwalat na isinagawa ng MHS ay kabibilangan ng kopya ng pahintulot at/o isang malinaw na paliwanag ng saklaw ng pahintulot. Dahil patungkol ito sa Part 2 Records, may karapatan kang humiling ng listahan ng mga pagsisiwalat ng mga record na ginawa sa loob ng tatlong taon bago ng petsa ng kahilingan kabilang ang mga pagsisiwalat na ginawa nang may pahintulot mo at para sa TPO kung ang mga naturang pagsisiwalat para sa TPO ay ginawa sa pamamagitan ng electronic health record, karapatan na humiling ng mga paghihigpit sa mga pagsisiwalat, kasama ang mga planong pangkalusugan para sa (mga) serbisyo na binayaran mo nang buo, karapatan na mag-opt out sa mga komunikasyon tungkol sa paglilikom ng pondo, karapatan na makatanggap ng mga abiso sa paglabag, at karapatan na maghain ng mga reklamo para sa diumano’y paglabag ng Ika-2 Bahagi (Part 2). Ang Part 2 Records na isiniwalat alinsunod sa Alituntunin sa Privacy ay maaaring mapailalim sa muling pagsisiwalat at hindi na protektado ng Alituntunin sa Privacy.

Mga Paggamit at Pagsisiwalat na Nangangailangan ng Iyong Awtorisasyon

Ang mga paggamit at pagsisiwalat ng impormasyong medikal na hindi inilarawan sa Abisong ito ay gagawin lang kung may nakasulat na awtorisasyon mo. Halimbawa, nang may mga limitadong pagbubukod, dapat kuhanin ng MHS ang iyong awtorisasyon bago ng: paggamit at pagsisiwalat ng mga tala sa psychotherapy at tala sa pagpapayo sa Problema sa Paggamit ng Droga/Alak (Substance Use Disorder); paggamit o pagsisiwalat ng iyong impormasyong medikal para sa mga layunin ng marketing (maliban sa mga komunikasyon na ginawa harap-harapan o pampromosyon na regalo na maliit ang halaga na ibinigay sa iyo ng MHS); o pagbebenta o pagtanggap ng anumang halaga kapalit ng iyong impormasyong medikal. Kung inawtorisahan mo ang MHS na gamitin o isiwat ang iyong impormasyong medikal, may karapatan kang bawiin ang awtorisasyon anumang oras sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na abiso sa MHS Privacy Officer sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa ibaba. Ang iyong pagbawi ay magiging epektibo sa sandaling matanggap ito, ngunit hindi maaapektuhan ang mga paggamit o pagsisiwalat na ginawa ng MHS habang epektibo pa rin ang iyong awtorisasyon.

Ang Iyong mga Karapatan Hinggil sa Impormasyong Medikal Tungkol sa Iyo

Mayroon ka ng mga sumusunod na karapatan hinggil sa impormasyong medikal na pinapanatili ng MHS tungkol sa iyo:

- **Karapatang Inspeksyunin at Makakuha ng Kopya.** May karapatan kang inspeksyunin at/o makatanggap ng kopya ng iyong mga medical at billing record na ginagamit ng MHS para gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyo. May karapatan ka ring hilingin sa MHS na magpadala ng kopya ng iyong mga medical record sa isang third party. Kung nais mong suriin o makatanggap ng kopya ng iyong mga record, dapat mong gawin ang kahilingan nang nakasulat sa iyong tagapagkaloob o sa naaangkop na departamento para sa mga medical record.
- **Karapatang Humiling ng Pag-amyenda.** Kung naniniwala ka na ang impormasyong medikal na pinapanatili ng MHS tungkol sa iyo ay hindi tumpak o hindi kumpleto, maaari mong hilingin na amyendahan ng MHS ang impormasyon. Dapat mong hilingin ang pag-amyenda nang nakasulat sa iyong tagapagkaloob o sa naaangkop na departamento para sa mga medical record. Kung tinanggap ng MHS ang iyong kahilingan, aabisuhan ka ng MHS at idaragdag sa iyong record ang pandagdag na impormasyon sa pamamagitan ng addendum. Hindi mabubura ng MHS ang nasa record. Kapag tinanggihan ng MHS ang iyong kahilingan, ibibigay ang isang paliwanag ng pagtanggihan at ang iyong mga karapatan.
- **Karapatan sa isang Listahan ng mga Pagsisiwalat.** May karapatan kang makatanggap ng listahan ng mga pagsisiwalat ng iyong impormasyong medikal na ginawa ng MHS sa loob ng anim na taon bago ng iyong kahilingan. Ang listahan ng mga pagsisiwalat ay hindi kabibilangan ng bawat pagsisiwalat na ginawa, kasama ang mga pagsisiwalat na ginawa para sa paggamot, pagbabayad, pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, mga pagsisiwalat na inawtorisahan mo, at mga pagsisiwalat na ginawa sa iyo. Upang humiling ng listahan ng mga pagsisiwalat, magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Director of Health Information Services sa pamamagitan ng fax sa 410-332-0336 o sa pamamagitan ng koreo: ATTN Health Information Services Department, Mercy Medical Center, 301 St. Paul Place, Baltimore, MD 21202.

- **Karapatang Humiling ng mga Paghihigpit.** May karapatan kang humiling na higpitan ng MHS kung paano nito ginagamit at isinisiwalat ang iyong impormasyong medikal para sa paggamot, pagbabayad, o pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, o sa mga kapamilya o iba pa na kasangkot sa pangangalaga mo. Hindi inaatasan ang MHS na tanggapin ang iyong hinihiling na paghihigpit, maliban kung nauugnay ito sa mga pagsisiwalat na ginawa sa iyong tagapag-insure ng kalusugan kaugnay ng isang partikular na serbisyo na binayaran mo nang buo nang maaga; gayunpaman, kung ang serbisyo ay bahagi ng grupo ng mga serbisyo na "naka-bundle" para sa mga layunin ng pagsingil ng planong pangkalusugan, maaaring hindi posible para sa MHS na paghihigpitan ang pagsisiwalat. Kung sumang-ayon ang MHS sa paghihigpit, aabisuhan ka nang nakasulat, at susunod ang MHS sa iyong kahilingan maliban kung kinakailangan ang impormasyong medikal para pagkalooban ka ng emerhensyang paggamot o inaatasan kami ng batas na isiwalat ito. Upang humiling ng paghihigpit, magsumite ng nakasulat na kahilingan na nagdedetalye ng hiniling na paghihigpit sa MHS Privacy Officer.
- **Karapatan na Humiling ng Kumpidensyal na Komunikasyon.** May karapatan kang hilingin na sabihin sa iyo ng MHS ang tungkol sa iyong impormasyong medikal o mga serbisyo gamit ang isang partikular na paraan (hal., MyChart, telepono, koreo) o sa isang partikular na lokasyon. Pauunlakan ng MHS ang mga kahilingan kapag maaari. Upang humiling ng alternatibong paraan ng komunikasyon, magsumite ng nakasulat na kahilingan sa iyong tagapagkaloob o sa MHS Privacy Officer.
- **Karapatang Makatanggap ng Papel na Kopya ng Abisong Ito.** May karapatan kang makakuha ng papel na kopya ng Abisong ito anumang oras. Upang makakuha ng kopya, kontakin ang iyong tagapagkaloob o ang MHS Privacy Officer.
- **Karapatang Maabisuhan Tungkol sa Paglabag.** Kailangan kang abisuhan ng MHS tungkol sa paglabag ng iyong hindi ligtas na impormasyong medikal.

Mga Pagbabago sa Abisong Ito

Ang Abisong ito ay epektibo simula Pebrero 16, 2026. Dapat tumalima ang MHS sa mga tuntunin ng Abisong ito na kasalukuyang ipinatutupad. Inilalaan ng MHS ang karapatan na magsagawa ng mga pagbabago anumang oras sa mga gawin nito sa privacy at sa Abisong ito, at maaaring gumawa ng mga bagong tuntunin na epektibo para sa lahat ng impormasyong medikal na pinapanatili na ng MHS tungkol sa iyo pati na rin impormasyon na matatanggap nito sa hinaharap. Kung may ginawang mga pagbabago sa Abisong ito, ipo-post ang updated na Abisong ito sa MHS website sa <https://mdmercy.com>, na naka-post sa malinaw at kitang-kita na mga lokasyon sa lahat ng site ng MHS, at ipapamahagi kung kinakailangan.

Mga Tanong o Reklamo

Kung mayroon kang tanong tungkol sa Abisong ito o sa tingin mo nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy, kontakin ang MHS Privacy Officer sa 301 St. Paul Place, Baltimore, MD 21202, Telepono: (410) 576-LAWS (5297), Email: Compliance@mdmercy.com. Maaari ka ring maghain ng reklamo sa Secretary ng U.S. Department of Health and Human Services. Hindi ka paparusahan o gagantihan para sa paghain ng reklamo.

Ang lahat ng organisasyon na bahagi ng kaakibat na nasasaklaw na entidad na itinalaga ng MHS ay sumusunod sa Abisong ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

Mercy Medical Center, Inc.; North Calvert Anesthesiology Services, LLC; Mercy Transitional Care Services, Inc.; Lutherville Hematology and Oncology Services, LLC; Stella Maris, Inc.; St. Paul Place Specialists, Inc.; Maryland Family Care, Inc.; Teresa Hoffman, M.D. and Associates, LLC; Vascular Specialty Services, LLC; Neurosurgical Specialty Services, LLC; The Emergency Room Physicians SPPS, LLC.

- **English:** ATTENTION: If you speak English, free language assistance services are available to you. Appropriate auxiliary aids and services to provide information in accessible formats are also available free of charge. Call 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) or speak to your provider.
- **Spanish:** ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888).
- **Chinese:** 注意：如果您说中文，我们将免费为您提供语言协助服务。我们还免费提供适当的辅助工具和服务，以无障碍格式提供信息。致电 1-410-332-9000（文本电话：1-410-332-9888）或咨询您的服务提供商。
- **Korean:** 주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) 번으로 전화해 주십시오.
- **Russian:** ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-410-332-9000 (телетайп: 1-410-332-9888).
- **Vietnamese:** LƯU Ý: Nếu bạn nói tiếng Việt, chúng tôi cung cấp miễn phí các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ. Các hỗ trợ dịch vụ phù hợp để cung cấp thông tin theo các định dạng dễ tiếp cận cũng được cung cấp miễn phí. Vui lòng gọi theo số 1-410-332-9000 (Người khuyết tật: 1-410-332-9888) hoặc trao đổi với người cung cấp dịch vụ của bạn.
- **French:** ATTENTION : Si vous parlez Français, des services d'assistance linguistique gratuits sont à votre disposition. Des aides et services auxiliaires appropriés pour fournir des informations dans des formats accessibles sont également disponibles gratuitement. Appelez le 1-410-332-9000 (TTY : 1-410-332-9888) ou parlez à votre fournisseur.
- **Tagalog:** PAALALA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, magagamit mo ang mga libreng serbisyonang tulong sa wika. Magagamit din nang libre ang mga naaangkop na auxiliary na tulong at serbisyo upang magbigay ng impormasyon sa mga naa-access na format. Tumawag sa 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) o makipag-usap sa iyong provider.
- **Amharic:** ማሳሰቢያ፡- አማርኛ የሚናገሩ ከሆኑ፣ የቋንቋ ድጋፍ አገልግሎት በነፃ ይቀርብልዎታል። ማረጃን በተደራሽ ቅርጽ ለማቅረብ ተገቢ የሆኑ ተጨማሪ እገዛዎች እና አገልግሎቶች እንዲሁ በነፃ ይገኛሉ። በስልክ ቁጥር 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) ይደውሉ ወይም አገልግሎት አቅራቢዎን ያናግሩ።

- **Swahili:** MAKINIKA: Ikiwa wewe huzungumza Kiswahili, msaada na huduma za lugha bila malipo unapatikana kwako. Vifaa vya usaidizi vinavyofaa na huduma bila malipo ili kutoa taarifa katika mifumo inayofikiwa pia inapatikana bila malipo. Piga simu 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) au zungumza na mtoa huduma wako.
- **Nepali:** सावधान: यदि तपाईं नेपाली भाषा बोल्नुहुन्छ भने तपाईंका लागि दनःशुल्क भादषक सहायता सेवाहरू उपलब्ध छन्। पहुँचयोग्य ढाँचाहरूमा जानकारी प्रिन्टिन्नु उपयुक्त सहायता र सेवाहरू पदन दनिःशुल्क उपलब्ध छन्। 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) मा फोन िनुनहोस्वा आफ्नो प्रियकसुँि कु रा िनुनहोस्।
- **Yoruba:** Tí o bá ń sọ èdè Yorùbá là ti orílẹ̀-èdè Nàìjíríà, Ànfàní Ògb'ifọ̀ wà fún ọ ní ọfẹ́. Àwọn ìròyìn àti ikéde wa fún ọ ní ọ̀nà ti oyè ní ọfẹ́ Fún ẹ̀kúnreré, e pe ẹ̀rọ̀ ẹ̀báni sọ̀rò yí: ookan -ẹẹjo-eeje-eeje-eeji-ẹ̀ẹsan-eeje-eeji-eeji-ẹẹfa-ẹẹfa (1-410-332-9000) (TTY: 1-410-332-9888) kí o si ló onka idanimọ oodo- ookan-ẹẹta- eeji- eeje - ookan - ẹẹrin- ookan- eeje- eeji- eeje tábí ke ba olùpèsè yin sọ̀rò.
- **Urdu:** قابل رسائی فارمیٹس میں معلومات فراہم کرنے کے لیے مناسب اگر آپ اردو بولتے ہیں، تو آپ کے لیے زبان کی مفت مدد کی خدمات دستیاب ہیں۔ توجہ دیں: 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) پر کال کریں یا اپنے فراہم کنندہ سے بات کریں۔ معاون امداد اور خدمات بھی مفت دستیاب ہیں۔
- **Farsi (Persian):** توجہ: اگر زبان فارسی صحبت می‌کنید، خدمات پشتیبانی زبانی رایگان در دسترس شما قرار دارد. همچنین کمک‌ها و خدمات پشتیبانی مناسب (9888-332-410-1) تماس بگیرید یا برای ارائه اطلاعات در قالب‌های قابل دسترس، به‌طور رایگان موجود می‌باشند. با شماره 1-410-332-9000 (تلفن: 9888-332-410-1) تماس بگیرید. ارائه‌دهنده خود صحبت کنید.
- **Creole (Cape Verdean):** ATENÇÃO: Caso fale Kabuverdianu, existem serviços de assistência linguística gratuitos disponíveis. Estão também disponíveis apoios e serviços auxiliares adequados para prestar informações em formatos acessíveis. Ligue 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) ou contacte o seu operador.
- **Portuguese:** ATENÇÃO: Se você fala Português, serviços gratuitos de assistência linguística estão disponíveis para você. Auxílios e serviços auxiliares apropriados para fornecer informações em formatos acessíveis também estão disponíveis gratuitamente. Ligue para 1-410-332-9000 (TTY: 1-410-332-9888) ou fale com seu provedor.